Kabanata
# 4 Ang My Number System

**[Sumangguni sa]**

**① Ota City My Number Call Center**

**★ Japanese, English, Chinese, Hangul**

**☎ 0570-03-3370　FAX 050-3737-9318**

Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.

* Maliban sa pistang opisyal, katapusan at pasimula ng taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3)

**② My Number Central Hotline　☎ 0120-0178-26**

Lunes hanggang Biyernes 9:30 a.m. - 8:00 p.m.

* Maliban sa katapusan at pasimula ng taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3)

## 1 Tungkol sa "My Number"

Tinatawag na "My Number" ang 12-digit number na nakatalaga sa bawat residenteng may Certificate of Residence sa loob ng Japan. Ang numero ay walang relasyon sa kinatatahanan/tirahan o araw ng pagsilang para hindi malaman kung kanino o sino ang nakatalaga dito.
Ang "My Number" ay ginagamit para magkaroon ng maganda at makatarungan na lipunan.


### (1) Individual Number Notification Card

Ang Individual Number Notification Card ay isang dokumentong ipapadala sa taong bagong binigyan ng My Number dahil sa ipinanganak siya, o iba pa. Hindi ito magagamit bilang dokumentong magpapatunay sa My Number.

### (2) My Number Card (Individual Number Card)

Magagamit ang My Number Card (Individual Number Card) bilang dokumentong magpapatunay sa My Number, ID, at iba pa.



| | Individual Number Notification Card | My Number Card (Individual Number Card) |
|---|---|---|
| Paano makakuha | Pinapadala sa registradong tinitirhan | Kailangan mag - apply |
| Sino ang mayroon | Mga bagong binigyan ng Individual Number | Mga Nag-aaplay lang |
| Larawan | Wala | Kasama |
| Panahon ng bisa | Wala | Hanggang sa huling araw ng panahon ng paninirahan<br>* Para sa mga permanent resident, hanggang sa ika-10 (ika-5 kung menor de edad) na kaarawan mula sa petsa ng pag-isyu ng card |
| Para matiyak ang My Number | Hindi magagamit | Pwedeng magamit |
| Bilang ID | Hindi magagamit | Pwedeng magamit |

※ Tapos na noong Mayo 2020 ang pag-iisyu ng “Notification Card”.

## ① Aplikasyon para sa  My Number Card (Individual Number Card) ay hindi sapilitan.

Punan ang “Individual Number Card Issuing Application at Digital Certification Issuing Application” na kasama ng Notification Card o Individual Number Notification Card at ilagay ang larawan ng inyong mukha, at saka ipadala iyon sa koreo gamit ang sobre para rito. Sa Ota City My Number Card Center, sinusuportahan din ang aplikasyon sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan ng mukha (kailangan ng pagpapareserba).

※ Karagdagan sa aplikasyon gamit ang postal mail, possible din na mag apply gamit ang smartphone, computer at ibang certificate photo machines na makikita sa buong syudad.

- Walang bayad ang pag isyu sa unang pagkakataon.
- Kapag na isyu na ang My Number Card (Individual Number Card) , ang No-tification Card at ang Basic Resident Registrar Card (kung ang alinman) ay papalitan.
- Kapag may pagbabago sa impormasyon na binigay sa Notification Card (pangalan o tinitirhan), hindi ka na pwedeng maka apply gamit ang porma ng aplikasyon na nakakabit sa Notifications Card.  Para sa detalye, maaring kontakin ang Household Residents Registry Division o Branch Office (P.17).
- Kapag wala sa inyo ang “Individual Number Card Issuing Application at Digital Certification Issuing Application”, makukuha ito muli sa Household Residents Registry Division, Ota City My Number Card Center, at Branch Office. (Dalhin ang inyong Residence Card, lisensiya sa pagmamaneho at iba pa.)
- Magagamit ito hanggang sa petsa kung kailan matatapos ang inyong status of residence. (Maliban sa mga permanent resident)

### ② Sa pagtanggap ng inyong My Number Card (Individual Number Card).

Kapag nagawa na ang card, agad na ipapadala ng Ota City sa koreo ang guide at notification ng pagbibigay. Ibibigay ang card sa mga counter para dito ng Ota City.

Sa patiunang pagrereserba ng oras at lugar para sa pagtanggap ayon sa guide, pakisuyong bumisita sa lugar na iyon dala ang notification ng pagbibigay, Residence Card, Special Permanent Resident Certificate, at iba pa.

Kapag mayroon kayong Notification Card at Basic Resident Register Card, kailangan ninyong ibalik ang mga iyon sa panahon ng pagbibigay ng My Number Card.

## (3) My Number FAQ

**Q .**Ano ang dapat ingatan sa paggamit ng aking My Number?

**A .**Maliban sa mga kasong nakasaad sa batas, huwag ipaalam kahit kanino ang iyong My Number, o gumawa ng kopya o tala ng My Number. Huwag gamitin ang My Number bilang password o paskil sa Internet.

**Q .**Madali lang ba magpalit ng My Number?

**A .**Sa pangkalahatan, mananatiling ganito ito sa iyong buong buhay. Pwede lang itong palitan kung may posilibidad na ginamit ito sa iligal.

**Q .**Kailangan ko bang gumawa ng My Number Card?

**A .**Bagaman ang mga gusto lang ang gagawa nito, magiging mas kombenyente kung mayroon kayo.

**Q .**Pagkatanggap ko ng My Number Card, ang panahaon ng aking paninirahan ay nagbago. Ang bisa ba ng aking My Number Card ay awtomatikong magbabago rin?

**A .**Kahit na ang panahon ng iyong paninirahan ay mabago, ang panahon ng bisa ng iyong My Number Card ay hindi awtomatikong magbabago.

Kailangang isagawa ang proseso para baguhin ang panahon ng bisa ng My Number Card sa service counter ng Household Residents Registry Division. Kapag ang panahon ng bisa ay kumpleto na, ang My Number Card ay wala ng bisa. Pwedeng magpa-isyu muli sa maliit na halaga (1,000yen).

**Q .**Maaari bang magpatulong sa aplikasyon ng my number card dahil hindi ko lubos na naiintindihan ang proseso?

**A .**Tumutulong ang Ota City My Number Card Center sa mga kinakailangang proseso sa aplikasyon ng my number card mula sa pagkuha ng larawan ng mukha hanggang sa mismong aplikasyon nang walang bayad. Mangyari lamang na tumawag sa Ota City My Number Call Center (0570-03-3370 Karaniwang araw 9:00 a.m. - 5:00 p.m.) o kaya ay magpareserba sa pamamagitan ng Ota City website, at magpunta rito sa araw at oras ng reserbasyon dala ang ID tulad ng residence card atbp.

## (4) Certificate issuing machine kung saan magagamit ang My Number Card (Individual Number Card)

**[Sumangguni sa] Household Residents Registry Division ☎03-5744-1554**
**Taxation Division ☎03-5744-1192**

Ang kopya ng Certificate of Residence, Seal Registration Certificate atbp. ay makukuha gamit ang mga certificate issuing machine kung saan maaaring gamitin ang my number

card. Ang mga certificate issuing machine ay matatagpuan sa 1F ng Main Building, sa Ota City My Number Card Center, at sa mga pangunahing convenience store sa buong Japan.

| | Lugar ng pag-issue | Sertipiko na maaaring i-issue | Oras na maaaring gamitin | Bayad |
|---|---|---|---|---|
| Convenience store atbp. | Store tulad ng 7-Eleven, Lawson (maliban sa Lawson Store 100), FamilyMart, Ministop atbp. sa buong Japan kung saan may multifunctional terminal | ■ Kopya ng Certificate of Residence<br>■ Seal Registration Certificate *1<br>■ Certificate of Residence Tax *2<br>・Taxation (Non-taxation) Certificate<br>・Tax Payment Certificate | 6:30 a.m. - 11:00 p.m. | 250 yen bawat sertipiko |
| Certificate issuing machine kung saan magagamit ang My Number Card | 1F Main Building, Ota City Office | Maaaring i-issue para lamang sa taong nakarehistro ang address sa Ota City.<br>■ Kopya ng Certificate of Residence<br>■ Seal Registration Certificate *1<br>■ Certificate of Residence Tax *2<br>・Taxation (Non-taxation) Certificate<br>・Tax Payment Certificate | Lunes, Huwebes<br>8:30 a.m. - 7:00 p.m.<br>Martes, Miyerkules, Biyernes<br>8:30 a.m. - 5:00 p.m.<br>Linggo<br>9:00 a.m. - 5:00 p.m.*3 | 250 yen bawat sertipiko |
| | Ota City My Number Card Center | Maaaring i-issue para lamang sa taong nakarehistro ang address sa Ota City.<br>■ Kopya ng Certificate of Residence<br>■ Seal Registration Certificate *1<br>■ Certificate of Residence Tax *2<br>・Taxation (Non-taxation) Certificate<br>・Tax Payment Certificate | Lunes - Biyernes<br>9:00 a.m. - 7:00 p.m.<br>Sabado, Linggo<br>9:00 a.m. - 5:00 p.m.<br>(maliban sa ika-3 Sabado ng buwan at kinabukasang Linggo) *3 | 250 yen bawat sertipiko |
| | bawat branch office (maliban sa Kamata-Nishi Branch Office) | Maaaring i-issue para lamang sa taong nakarehistro ang address sa Ota City.<br>■ Kopya ng Certificate of Residence<br>■ Seal Registration Certificate *1<br>■ Certificate of Residence Tax *2<br>・Taxation (Non-taxation) Certificate<br>・Tax Payment Certificate | Lunes - Biyernes<br>8:30 a.m. - 5:00 p.m.*3 | 250 yen bawat sertipiko |

*1. Upang makakuha ng Seal Registration Certificate, kailangan irehistro ang iyong selyo (P 47) sa counter ng Ota City nang maaga.

*2. Maaaring kumuha ng certificate para sa 3 fiscal year: kasalukuyang fiscal year, nakaraang fiscal year at nakaraang 2 fiscal year. Para sa mga detalye, kumonsulta lamang sa Taxation Division (☎03-5744-1192).

*3. Hindi ito magagamit mula Disyembre 29 hanggang Enero 3.

**[Tungkol sa My Number Card Center]**

Mga gawain: Pagbibigay ng My Number Card, pagtulong sa aplikasyon, pagbabago ng mga nakasulat na detalye tulad ng address atbp., pag-update sa electronic certificate, konsultasyon tungkol sa proseso atbp.

Oras para sa paggamit: Lunes~Biyernes 9:00 a.m. - 6:30 p.m.
Sabado at Linggo 9:00 a.m. - 4:30 p.m.
Sarado sa ikatlong Sabado bawat buwan at sumusunod na Linggo, pista opisyal, katapusang araw ng taon/bagong taon (Disyembre 29 hanggang Enero 3)

※ Walang paradahan ng sasakyan at bisikleta.

☎ 0570-03-3370 (My Number Call Center / Oras ng pagtanggap: Lunes - Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.)

Address : 2-3-7 Sanno, Ota City
(1F ng Urban Development Promotion Facility)

Kung paano makarating dito: 1 minutong lakad mula sa JR Omori Sta. West Exit



# Memo